



## BAKUNA LABAN SA COVID-19

### HAKA-HAKA



Mababago ba ng mga bakuna ng mRNA ang inyong DNA?

Maaari ba kayong magkaroon ng COVID-19 mula sa bakuna?

Kailangan ko pa bang magsuot ng mask makalipas na mabakunahan?

Masyado bang mabilis na-develop ang bakuna?

Dapat ba akong magpabakuna kahit na nagkaroon na ako ng COVID-19?

### KATOTOHANAN



HINDI. Walang mga bakuna ng COVID-19 na makapagbabago ng inyong DNA o genes.

HINDI. Ang mga bakuna ay walang kasamang buhay na virus.

OO. Magdedepende kung anong bakuna ang iyong natanggap, umaabot ito hanggang 4 na linggo matapos ang huling dosis bago matanggap ang buong proteksyon. Kailangan din natin na magsuot ng mga mask hanggang mayroon tayong karagdagang impormasyon kung ang bakuna ay makakaprotekta sa iyo sa pagkakalat ng virus.

HINDI. Ang COVID-19 ay isang emergency sa pampublikong kaligtasan at nakatanggap ang mga researcher ng sapat na pagpopondo para mabilis na mapag-aralan ang bakuna.

OO. Inirerekumenda na ang magpabakuna ang mga tao kahit na nagkaroon na sila ng COVID-19. Ang bakuna ay maaaring makapagbigay ng mas mabuting proteksyons a anumang natural immunity mula sa virus mismo.

May mga side effect ba ang bakuna?

Ang mga side effect ay nagkakaiba-iba sa bawat tao. Maaaring makaramdam ng pagkapagod o pananakit ang iba, o maaaring sumakit ang ulo. Ang ilan ay maaaring magka-lagnat at panginig. Maaaring mas marami kayong sintomas na mararamdaman makalipas ang ikalawang iniksyon. Ang mga ito ay hudyat na gumagana ang bakuna at karaniwang nawawala naman pagkalipas ng ilang araw.

Narinig ko na ang bakuna ay maaaring maka-apekto sa aking posibilidad na magkaroon ng anak.

HINDI. Walang katibayan na ang bakuna ay makaka-apekto sa posibilidad ninyong magkaroon ng anak.

Narinig ko na maaaring mamatay sa bakuna. Totoo ba iyon?

Walang katibayan na ang bakuna ay nagdudulot ng panganib na mamatay. May malinaw na katibayan na ang mga benepisyo ng bakuna ay mas marami kaysa sa mga panganib mula dito.

Ang bakuna ba ay may kasamang microchip?

HINDI. Ang bakuna ay walang nilalaman na anumang mga tracking device o microchip.

Pipilitin ba akong kumuha ng bakuna?

HINDI. Ang bakuna ay kusang-alooob.

Tatanungin ba ang aking katayuan sa immigration bago ako makakuha ng bakuna?

HINDI. Ang katayuan sa immigration o social security card ay hindi kinakailangan para makuha ang bakuna.

Protektado ba ang aking impormasyon?

OO. Ang mga provider ng bakuna ay hindi puwedeng magbahagi ng anumang personal na impormasyon tungkol sa inyo sa immigration at sa Customs Enforcement o sinumang nasa labas ng healthcare system.